AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
### Aralin 62

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 62** |
|---|
| Theme: Ang Kwento Ng Batang Bakunawa At Ng Diyos ng Buwan - Paglusong Sa Ilalim ng Dagat |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : PAGLUSONG SA ILALIM NG DAGAT**

**WRITING PROMPT LESSON 62**
---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Sa nakaraang kwento, nakilala mo si Aman Sinaya na ayon kay Libulan ay isang dyosa rin. Sino kaya ang magandang dyosa na ito? Handa ka na bang buuin ang susunod na kabanata?

**II.Writing Prompt of the Day**
Ayon sa pakilala ni Libulan, si Aman Sinaya ay ang dyosa ng karagatan ng mga Katagalugan. Hindi rin daw maaaring lumusong sa karagatan ang mga diyos ng kalangitan tulad ni Libulan dahil sa away ng mga diyos at dyosa ng karagatan kay Bathala, ang lolo ni Libulan.

Ayon din sa dalawa, hindi maaaring galawin ng mga diyos at dyosa ng karagatan ang mga tao nang direkta, kung gagawin nila ito'y magagalit si Bathala na siyang mag-uudyok ng laban ng mga diyos. Hindi daw ito magandang pangyayari. Noong huling nangyari ito'y naging pulo-pulo o isang arkipelago ang Pilipinas. Kaya't paggabay lang ang maibibigay sa iyo ng dyosa.

Ikaw ay binasbasan ni Libulan gamit ang isang tula, "Isang batang puno nang tapang, ika'y aking kinalulugdan, hayaang biyayaan ka ng isang basbas upang ika'y makabalik nang ligtas! "

Binigyan ka rin ni Libulan ng isang gintong basket. Dito mo raw ilalagay ang buwan pag ito'y nakuha mula sa bakunawa. Binigyan ka rin ni Aman Sinaya ng isang candy na pagkinain ay makakahinga ka sa ilalim ng tubig. Gamit ang mga dolphin kayo'y lumusong na sa ilalim ng tubig.

Takot man ay namangha ka sa nakita mo sa ilalim ng dagat, nalungkot din dahil sa mga basurang nakita mo. Napansin ni Aman Sinaya ang iyong lungkot. Pumasok sa isip mo ang kanyang boses, "Nawa'y protektahan mo ang karagatan matapos ang paglalakbay mong ito".

Maya-maya'y tumigil ang dyosa sa harap ng isang malaking kweba. Mas bigyang detalye ang kwento.

•Anong lasa ng candy na ibinigay ni Aman Sinaya sa iyo? May naramdaman ka ba matapos mo itong kainin? May nabago ba sa iyong katawan?
•Anong pakiramdam na ikaw ay nakasakay sa isang dolphin upang makapunta sa ilalim ng dagat?
•Para sa iyo mabait ba si Aman Sinaya? Bakit?
•Bakit nalungkot ang iyong karakter nang makita ang mga basura sa ilalim ng dagat?
•Anong maipapangako mo sa sarili matapos na makita ang mga basura sa ilalim ng dagat?
•Anong pakiramdam mo nang narating niyo na ang kwebang kinaroroonan ng Batang Bakunawa?

**III.Teacher's Message**

Ano kayang mangyayari sa ating kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan din next time ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."